Numero ng Kaso ng CSE:

Partido na May Kustodiya:

Magulang na Walang Kustodiya:

Numero ng Kaso ng Hukuman:

Minamahal na :

Nakatanggap ang aming opisina ng kahilingan mula sa na ipasuri ang utos ng suporta sa iyong anak. Bilang resulta, susuriin ang iyong utos ng suporta sa bata upang makita kung dapat baguhin ang halaga sa utos.

Dapat mong kumpletuhin at ibalik ang mga sumusunod na nakapaloob na mga form sa loob ng 20 araw ng negosyo mula sa petsa ng liham na ito upang maisaalang-alang ang iyong impormasyon sa proseso ng pagsusuri at pagsasaayos:

- ☐ Income and Expense Declaration (FL 150) (Isama ang lahat ng kinakailangang kalakip gaya ng mga paystub.)
- ☐ Pagpapatunay ng Pagbisita (DCSS 0053)
- ☐ Impormasyon sa Seguro sa Kalusugan (DCSS 0054)
- ☐ Pagpapatunay ng Pangangalaga ng Bata (DCSS 0069) (Pakikumpleto lamang sa iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa bata ang form na ito kung mayroon kang mga gastos sa pangangalaga ng bata.)
- ☐ Iba pa:

Ang impormasyong ibibigay mo ay gagamitin upang kalkulahin kung dapat baguhin ang iyong utos ng suporta sa bata. Ito ay maaaring ituring na isang pampublikong rekord kapag ito ay naisampa sa korte.

Mangyaring magbigay ng mga resibo o katulad na dokumentasyon kung naghahanap ka ng ilang mga pagbabawas alinman sa iyong kita, o ilang mga gastos na isasama sa pagkalkula. Halimbawa: anumang pambihirang gastusin sa kalusugan, hindi nakasegurong sakuna na pagkalugi, o mga gastusin sa pamumuhay ng iba pang natural o ampon na mga bata na nakatira sa iyo; o, anumang mga gastos na maaaring hindi makikita sa iyong suweldo, tulad ng mga bayad sa unyon, o iba pang mga obligasyon sa suporta sa bata na ipinag-utos ng korte. Kung mabibigo kang magbigay ng gayong patunay, ang mga gastos na ito ay maaaring hindi kasama sa pagkalkula ng suporta sa bata.

Kung hindi mo isasauli ang hiniling na (mga) form sa loob ng 20 araw ng negosyo mula sa petsa ng sulat na ito, magpapatuloy kami sa pagsusuri batay sa impormasyong natanggap namin mula sa

Ang iyong kahilingan para sa pagsusuri ay ilalapat sa bawat isa sa iyong mga utos ng suporta sa bata sa loob ng county na ito. Susuriin ng aming opisina ang bawat utos para makita kung kailangan ng pagsasaayos. Kung mayroon kang isang utos sa ibang county, ang kabilang county ay aabisuhan ng iyong kahilingan para sa pagsusuri.

Mangyaring ibalik ang lahat ng mga form at dokumentasyon sa aming opisina sa address sa ibaba:

Alinsunod sa titulo 45, Code of Federal Regulations seksyon 303.3, para sa lahat ng kaso na isinangguni sa isang lokal na ahensiya ng suporta sa bata o kung saan natanggap ang isang aplikasyon para sa mga serbisyo, dapat subukan ng ahensya na hanapin ang lahat ng mga magulang na walang kustodiya o mga pinagmumulan ng kita at/o mga ari-arian kapag kinakailangan para sa susunod na naaangkop na aksyon. Kapag naaangkop at nararapat sa iyong (mga) kaso, ang lokal na ahensya ng suporta sa bata ay maghahangad na makakuha ng pagpapatunay ng impormasyon ng Social Security Administration sa pamamagitan ng proseso ng pagtutugma ng data.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring bisitahin ang Customer Connect sa www.childsupport.ca.gov/customer-connect para sa tulong on-line o tawagan ang Customer Connect sa (866) 901-3212. Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig o pagsasalita, mangyaring tawagan ang numero ng TTY (866) 399-4096.

Taos-puso,

(Mga) Kalakip